ANG PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARKISMO — LENINISMO — KAISIPANG MAO ZEDONG

Bayan

Tomo XI Bilang 21 Disyembre 31, 1979

MGA NILALAMAN

NAY PARTIDO NANG NAMUMUNO SA BAYAN
TUNGO SA KALAYAAN AT DEMOKRASYA p. 1

LUMALAGANAP ANG KILUSANG BOYKOT
LABAN SA 'ELEKSYON' NG DIKTADURA p. 5

MAKA-LAVA, SUMUMPUNG SA AMONG SOBYET,
UPANG MAKABINGIT DIGO SA PILIPINAS p. 8

SINALAKAY NG MGA BAGONG TSAR
NA SOBYET ANG AFGHANISTAN p. 16

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

NAY PARTIDO NANG NAMUMUNO SA BAYAN TUNGO SA KALAYAAN AT DEMOKRASYA

Relatibong bata pa ang Partido Komunista ng Pilipinas. Noong nakaraang Disyembre 26, ipinagdiwang ang ika-11 aniberesaryo ng muling pagtatatag nito, noong 1968, ng isang grupo ng mga rebolusyonaryong Marxista-Leninista.

Bagamat bata pa, napatunayan nang ito ang tanging partidong pampolitika sa buong kasaysayan ng Pilipinas na tunay na makapamumuno sa mamamayang Pilipino tungo sa kasarinlan, kalayaan, demokrasya, pagkakaisa at kariwasaan.

Sa nakaraang 11 taon, matagumpay nang naitatag ng Partido ang mga pambansang organisasyon sa buong kapuluan. Mayroon itong mahusay na Hukbong Bayan na nakakalat sa 29 na larangang gerilya mula Luson hanggang Mindanao. Mayroon ding mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa lahat ng lugar kung saan malalim nang nakaugat ang Partido, sa kanayunan man o sa kalunsuran.

Sa ngayon, higit pang pinalalakas ang malawak na pambansang nagkakaisang prente ng uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesya ng lunsod at pambansang burgesya, na kaagapay at tumutulong sa armadong pakikibaka lumalagablab sa kanayunan.

Noong Disyembre 26, sang balikan ng mga kasapi ng Partido, Pulang Mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayang Pilipino ang nagawa na sa nakaraang 11 taon, may katwiran silang ikarangal ang mga tagumpay ng Partido.

Ngunit sa kanilang pagbakas sa nakaraan, nakikita rin nilang ang lahat ng maluningning na tagumpay na natamo ay pinagbuhusan ng maraming sakripisyo at pagsisikap. May mga pagkakamali ring nagawa, subalit ang mga ito'y nahangum na ng mga aral at naituwid. Tulad ng sinasabi ng mga rebolusyonaryong masa sa kanila, nakikita nilang ang landas ng rebolusyon ay hindi tuwid kundi paliku-liko.

At buong pagmamahal at pagmamalaki nilang ginugunita ang mga kasamang nagbuwis na ng buhay, o kaya'y dumanas ng mahahayop na pagpapahirap sa kamay ng kaaway at nakabilanggo hanggang ngayon, para sa katubusan ng mamamayan mula sa imperyalismong E.U., peudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang pambansang demokratikong rebolusyon na inilulunsad ngayon ay pagpapatuloy sa rebolusyong inilunsad laban sa Espanya noong 1896, na may batayang pagkakaiba. Lumang tipo ang rebolusyon ng 1896, ibig sabihi'y pinamumunuan ito ng burgesyang liberal, at bagong tipo ang kasalukuyan dahil ito'y pinamumunuan ng proletaryado.

Ngunit kung tutumsi'y pagpapatuloy ito ng lahat ng pag-aalsa ng mamamayang Pilipino laban sa pagsasamantala at pang-api sa nakaraang mahigit na 400 taon.

Balikan natin ang kasaysayan

Ipinakikita ng ating kasaysayan na kailanma'y hindi naging pasibo ang mamamayang Pilipino sa harap ng pagsasamantala at pang-api ng dayuhan o ng kapwa Pilipino. Sa loob ng mahigit na 300 taon na sinakop ng Espanya ang ating bayan, di-kukulangin sa 200 ang pag-aalsang may iba-ibang saklaw at tagal.

Kung tutuusing higit na nakararami ang mamamayan kaysa mga nanakop na sundalong Espanyol, masasabing ang bawat isa sa mga pag-aalsang ito ay sapat na sana upang ibagsak ang mga kolonyalista. Ngunit nagapi ang bawat isa sa mga espontanyong pag-aalsang ito. Bakit?

Isang mahalagang konsiderasyon ang kawalan ng pagkakaisa ng mga mamamayan sa panahong sinakop ang bayan noong ika-16 na siglo. Nahahati sila sa mga uri (mga naghahari at pinaghaharian) at sa maraming tribu't komunidad. Wala silang damdamin ng pagiging isang bansa. Nais interes naman ng mga kolonyalistang Espanyol na panatilihing nahahati sila at, mangyari pa, palalain ang pagkakahating ito.

Kaya ginamit ng mga kolonyalista ang mga lokal na naghaharing uri upang supilin ang mamamayan. At kaya rin naman pinaglaban-laban ang mga tribu. Sa ating kasaysaya'y maraming pagkakataong ginamit ng mga kolonyalista ang taktikang "hatiin upang pagharian". Halimbawa, ginamit nila ang mga Pilipinong taga-patag upang lusubin ang mamang Igorot sa kabundukang Kordilyera. Mga Pilipino rin mula Luson at Kabisayaan ang ginamit nila sa pagsalakay sa mamamayang Moro sa Mindanao.

Noon lamang ikalawang hati ng ika-19 na siglo nagkaroon ang mamamayan ng tunay na diwa ng pagiging isang bansa, ng pagkakaisa. May bahagi sa makasaysayang prosesong ito ang mga edukadong Pilipino o ilustrado na naglunsad ng Kilusang Propaganda laban sa pagsasamantala't pang-aapi ng Espanyol.

Anupaman ang masasabi para sa mga ilustrado na bunsod sa Europa, sukhang wala silang nabasa sa mga akda nina Karl Marx at kasama niyang si Frederick Engels, na nagbuo ng teorya ng sientipikong sosyalismo.

Si Jose Rizal, na isa sa mga tanyag na propagandista, ay naglakbay sa Alemanya, bayan nina Marx at Engels, ngunit walang banggit sa maraming akda niya tungkol sa dalawang dakilang rebolusyonaryong ito o sa kanilang mga turo.

Sa Pilipinas, nakabasa na ang manggagawang si Andres Bonifacio ng mga libro tungkol sa rebolusyon sa Prangsya. Gayunman, lumalabas na hindi siya naimpluwensyahan ng Marxismo. Siya ang nasuno sa pagtatatag ng Katipunan, na karamihan sa mga kasapi ay manggagawa at magsasaka na nagkaisa sa kapasyahang maglunsad ng armadong pakikibaka upang itaboy ang mga kolonyalistang Espanyol.

Pag-urong-sulong ng mga ilustrado

Nang malaman nila ang pagbubuo sa Katipunan at ang plano nitong maglunsad ng armadong rebolusyon, sumulpot sa hanay ng mga ilustrado ang pag-urong-sulong na katangian ng kanilang uri. Sa huli'y hinadlangan at tinuligsa pa ni Rizal ang Katipunan, na ang mga nag-organisa ay nakakuha ng inspirasyon mula sa kanyang mga makabayang akda.

Ang iba pang burges na liberal tulad ni Emilio Aguinaldo ay umagaw sa liderato ng rebolusyonaryong kilusan matapos patalsikin at patayin si Bonifacio.

Totoong noong 1898 ay halos ganap nang naibagsak ng rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ni Aguinaldo ang mga kolonyalistang Espanyol. Ngunit nang dumating ang mga pwersa ng imperyalismong E.U., sumulpot muli ang pag-urong-sulong.

Ang mga nasa liderato na nakipagkompromiso sa mga kolonyalistang Espanyol ay sumuko at nakipagsabwatan sa mga mananalakay na Amerikano. Nang lumao'y sumuko na rin o nahuli ang mga natirang lumalaban.

Sa kabuuan, sa panahong iyo'y napigil na ang pambansang demokratikong rebolusyon na inumpisahan ni Bonifacio at mga kasama niya.

Ngunit patunay sa makabayan at demokratikong mithiin ng mga manggagawa at magsasakang Pilipino na lubos na nakararami sa rebolusyonaryong hukbo, ipinagpatuloy nila ang pakikibaka maging sa panahong ang marami sa mga ilustradong lider nila ay nagsasagawa na ng kontra-rebolusyon.

Ang pagtatatag ng Partido Komunista

Ganyan ang kalagayan nang itatag nina Crisanto Evangelista at kapwa niyang mga manggagawa ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930. Napanday sila sa kilusang unyon at di-nagtagal ay binabasa na nila ang mga akda ni Marx at ng dakilang rebolusyonaryong Ruso na si Vladimir Ilyich Lenin.

Tama ang tinahak na landas nina Evangelista at mga kasama niya. Ang uring manggagawang Pilipino na bihi pa lamang noong ika-19 na siglo ay lumalaki na sa panahong iyon. At sa pamamagitan ng PKP, naarmasan ng sientipikong teorya ng Marxismo-Leninismo ang proletaryadong Pilipino, at humango ito ng sigla sa sutaguupay na Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ng 1917 sa Rusya.

Ngunit mahusay man ang intensyon nina Evangelista at mga kasama niya, mayroon din silang mga kahinaan at pagkakamali. Isa rito ang mekanikal na pagsasanib ng PKP at Partido Sosyalista ng Pilipinas noong 1938. Dumami pa nang dumami ang malulubhang pagkakamali nang makatuntong na ang magkakapatid na Lava sa liderato ng partidong pinagsanib.

Pinatunayan ng mga manggagawa't magsasakang usanib sa Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap), na pinamumunuan ng pinagsanib na partido, ang kanilang kagitingan at katapangan sa sarasing pakikipagsagupaan sa mga mahumalakay na Hapones noong Ikalawang Digmang Pandaigdig. Gayundin sa pakikibaka sa mga kanway sa uri nang bumalik ang imperyalismong E.U. upang pairaling muli ang paghahari nito.

Ngunit malulubha ang pagkakamali ng sunud-sunod na lideratong Lava. Noong una'y bumaling sila sa kanan (ang pagkapalasuko at ang parlamentarismo), pagkatapos ay sa "kaliwa" (adventurismo), at balik na naman sa kanan.

Ang mga Lava ay nanatiling di-nagbabagong petiburges na mga intelektwal. Kasama ang kapitulasyonismo ng dating lider ng Partido Sosyalista na si Luis Taruc, di-nagtagal ay tuluyan nang nawasak ang malulubhang pagkakamali ng mga Lava ang Partido at nalikida ang rebolusyon.

Noong 1958, tinalikdan na ang armadong pakikibaka at pinatay na rin ang Partido nang ibaba ng liderato ni Jesus Lava ang patakarang "isang pile". Tuluyan nang sumuko si Lava sa kaway noong 1964.

Sa panahong iyon, ang natira na lamang sa Partido Komunista ng Pilipinas na itinatag nina Crisanto Evangelista at mga kasama niya ay ilang grupong nag-aral ng Marxismo na pangunahing binubuo ng mga aktibistang estudyante at manggagawa.

Ang muling pagtatatag ng Partido

Sa hanay ng mga grupong ito nagmula ang mga rebolusyonaryong Marxista-Leninista na nagdaos ng kongreso noong Disyembre 26, 1968 upang muling itatag ang bumagsak na partido. Itinakwil nila ang rebisyonismo ng mga maka-Lava at itinatag ang bagong Partido sa batibay na pundasyong Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Ilan lamang ang naroon sa Kongreso ng Muling Pagtatatag at gayundin sa pulong ng Marso 29, 1969 nang itatag nila ang Bagong Hukbong Bayan. Ngunit wasto ang itinakda nilang linyang pampulitika, at nakatitiyak sila na hindi magtatagal ay tatangkilikin ng malawak na masa ng sambayanan ang pambansang demokratikong rebolusyon na kanilang inilulunsad.

Tunpak sila sa-kanilang inasahan.

Ang pagtatatag ng Partido Komunista

Ganyan ang kalagayan nang itatag nina Crisanto Evangelista at kapwa niyang mga manggagawa ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930. Napanday sila sa kilusang unyon at di-nagtagal ay binasa na nila ang mga akda ni Marx at ng dakilang rebolusyonaryong Ruso na si Vladimir Ilyich Lenin.

Tama ang tinahak na landas nina Evangelista at mga kasama niya. Ang uring manggagawang Pilipino na bihi pa lamang noong ika-19 na siglo ay lumalaki na sa panahong iyon. At sa pamamagitan ng PKP, naarmasan ng sientipikong teorya ng Marxismo-Leninismo ang proletaryadong Pilipino, at humango ito ng sigla sa matagumpay na Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ng 1917 sa Rusya.

Ngunit mahusay man ang intensyon nina Evangelista at mga kasama niya, mayroon din silang mga kahinaan at pagkakamali. Isa rito ang mekanikal na pagsasanib ng PKP at Partido Sosyalista ng Pilipinas noong 1938. Dumami pa nang dumami ang malulubhang pagkakamali nang makatuntong na ang magkakapatid na Lava sa liderato ng partidong pinagsanib.

Pinatunayan ng mga manggagawa't magsasakong uganib sa Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap), na pinamumunuan ng pinagsanib na partido, ang kanilang kagitingan at katapangan sa maraming pakikipagsagupaan sa mananalakay na Hapones noong Ikalawang Digmang Pandaigdig. Gayundin sa pakikibaka sa mga kanway sa uri nang bumalik ang imperyalismong E.U. upang pairaling muli ang paghahari nito.

Ngunit malulubha ang pagkakamali ng sunud-sunod na lideratong Lava. Noong una'y bumaling sila sa kanan (ang pagkapalasuko at ang parlamentarismo), pagkatapos ay sa "kaliwa" (adventurismo), at balik na naman sa kanan.

Ang mga Lava ay nanatiling di-nagbabagong petiburges na mga intelektwal. Kasama ang kapitulasyonismo ng dating lider ng Partido Sosyalista na si Luis Taruc, di-nagtagal ay tuluyan nang nawasak ag malulubhang pagkakamali ng mga Lava ang Partido at nalikide ang rebolusyon.

Noong 1958, tinalikdan na ang armadong pakikibaka at pinatay na rin ang Partido nang ibaba ng liderato ni Jesus Lava ang patakarang "isang pila". Tuluyan nang sumuko si Lava sa kanway noong 1964.

Sa panahong iyon, ang natira na lamang sa Partido Komunista ng Pilipinas na itinatag nina Crisanto Evangelista at mga kasama niya ay ilang grupong nag-aral ng Marxismo na pangunahing binubuo ng mga aktibistang estudyante at manggagawa.

Ang muling pagtatatag ng Partido

Sa hanay ng mga grupong ito nagmula ang mga rebolusyonaryong Marxista-Leninista na nagdaos ng kongreso noong Disyembre 26, 1968 upang muling itatag ang bumagsak na partido. Itinakwil nila ang rebisyonismo ng mga maka-Lava at itinatag ang bagong Partido sa batibay na pundasyong Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Ilan lamang ang naroon sa Kongreso ng Muling Pagtatatag at gayundin sa pulong ng Marso 29, 1969 nang itatag nila ang Bagong Hukbong Bayan. Ngunit wasto ang itinakda nilang linyang pampulitika, at nakatitiyak sila na hindi magtatagal ay tatangkilikin ng malawak na masa ng sambayanan ang pambansang demokratikong rebolusyon na kanilang inilulunsad.

Tuspak sila sa-kanilang inasahan.

Tinalikdan na ng mga maka-Lava ang armadong pakikibaka at pinili ang landas ng parlamentarismo. Pinili naman ng liderato ng muling-tatag na Partido ang armadong pakikibaka, habang sumusuporta't pumapangalawa lamang dito ang parlamentaryong pakikibaka.

Isinabak ng mga maka-Lava ang relatibong mahina pang hukbong bayan sa mapagpasyang mga pakikipagsagupaan sa kaaway na pag-asang matatamo ang tagumpay sa relatibong maigsing panahon ng dalawang taon. Itinakda naman ng Partido ang estratehia ng pangmatagalang digmang bayan na susulong mang paalun-along mula sa kanayunan tungo sa mga sentro ng kapangyarihan ng kaaway.

Tinalikuran ng mga maka-Lava ang mamamayan at niyapos ang pasistang diktadurang E.U.-Marcos. Hinihimok naman ng Partido ang mga mamamayan sa isang makapangyarihang pambansang nagkakaisang prente na makikipagkompronta sa diktadura.

Malinaw sa Partido kung sino ang mamamayan--ang mga manggagawa, magsasaka, petiburgesya ng lunsod at pambansang burgesya--na bumubuo sa mahigit na 90 porsiento ng populasyon. Sila ang pinagsasamantalahan at inaapi sa kasalukuyang lipunang malakolonyal at malapeudal.

Malinaw rin dito ang mga kaaway ng bayan--ang mga imperyalistang E.U., malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa--na nagsasamantala't nang-api, at naghahari ngayon sa pamamagitan ng diktadurang E.U.-Marcos. Di-hihigit sa 2 porsiento lamang ng populasyon ang mga naghaharing uri dito sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, nariyan ang baliw na pag-asakala ng mga maka-Lava na dapat silang makipag-"isang prente" kay Marcos dahil siya raw ay "maka-bayan" at "anti-imperyalista". Ang pagbabaliktad sa mga bagay ay tipikal sa mga maka-Lava.

Gaano na kalayo ang ating naisulong

Kayang tumayo ang rekord ng muling-tatag na Partido Komunista ng Pilipinas. Sa loob ng 11 taon lamang ay nakapagpalawak na ang Partido sa buong kapuluan, sa ilalim ng pinakamahirap na kondisyon ng pasistang pag-haharing militar.

Bago ipataw ang batas militar noong 1972, bumwelo ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 at ng kasunod na mga pakikibakang masa na matagumpay na nagpalaganap ng pambansang demokratikong programa sa buong kapuluan.

Ipinataw ng pangkating E.U.-Marcos ang batas militar upang umano'y lansagin ang rebolusyonaryong kilusan. May mga pinsala ring nagawa ang batas militar noong una, ngunit sa halip na madurog ang rebolusyon ay nilikha ng pasistang rehimen ang mga kondisyong nakatulong sa mas mabilis na pagsulong ng rebolusyon.

Ngayon, ang Partido ay may libu-libong kadre at kasapi, maraming Pulang mandirigma, at ilang milyong manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayang nagkakabuklod sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa o sumusuporta sa rebolusyon sa iba't ibang paraan.

Habang ipinagdidiwang ng mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan ang ika-11 aniversaryo ng muling pagtatatag ng Partido, patuloy pa rin ang paghahanda para sa pagsulong ng digmang bayan mula sa masang subyugto ng estratehikong depensiba tungo sa abanteng subyugto. (Ang susunod sa estratehikong depensiba ay ang yugto ng estratehikong pagkakapatas, at pagkatapos ay ang kahuli-hulihang yugto ng estratehikong depensiba.

Ipinananawagan ng Komite Sentral ng Partido ang konsolidasyon sa larangan ng ideolohia, pulitika at organisasyon bilang kinakailangang paghahanda sa pagsulong na ito. Patuloy ang ekspansyon ngunit nasa malaking dilin ang ibinibigay sa konsolidasyon sa kasalukuyang panahon.

Kung susumahin, mahigit na 400 taon nang nakikibaka ang mamamayang Pilipino laban sa mga dayuhan at lokal na mapagsamantala at mapang-api.

At sa wakas, mayroon na silang rebolusyonaryong partidong pampulitika--ang Partido Komunista ng Pilipinas--na nanununo sa kanila tungo sa kasarinlan, kalayaan, demokrasya, pagkakaisa at kariwasaan na minimithi nila sa matagal na matagal nang panahon.

* * *

LUMALAGANAP ANG KILUSANG BOYKOT
LABAN SA 'ELEKSYON' NG DIKTADURA

Bagamat sa isang buwan pa ang botohan, bistado na ng mamamayan ang malaking sarsuwelang tinatawag na "lokal na eleksyon", at naglulunsad na sila ng malakas na kilusang boykot upang lalong ilantad at biguin ang pinakahuling panlolokong elektoral ng diktadurang E.U.-Marcos.

Alam na ng lahat ang wakas nitong sarsuwelang itinatanghal ng diktadurang E.U.-Marcos: matatabunan na naman ("landslide victory") ang mga kalaban ng barkadahang KBL (Kilusang Bagong Lipunan) ng mag-asawang Marcos. At sa pagbabaka-sakaling maging kapani-paniwala ang "lokal na eleksyon", papayagan ang ilang "mahigpit na labanan" at "panalo" ng ilang piling "oposisyonista" na sa katunaya'y mga tuta rin ni Marcos.

Mula simula hanggang huli'y kabisadung-kabisado na ni Marcos at ng mga amo niyang imperyalistang E.U. ang ganitong porma ng panlolokong elektoral. Hindi ito kataka-taka dahil sarsuwi na rin silang pagsasanay mula sa pagtatanghal ng mga "referendum", "plebisito", at laluna ng "eleksyon para sa IBP" noong 1978.

Tulad ng sa nakaraan, lubusan na namang ginagamit ni Marcos ang reaksyonaryong sandatahang lakas. Inalis diumano ang mga restrikasyon sa ilalim ng batas militar sa panahon ng "kampanya". Siempre, panlolokolang ito, dahil maaaring basta na lamang pagbintangan ang sinuman ng "subersyon" o kaya'y ng "paninirang-puri", at ibilanggo sa Kampo Crame.

Sa ibang salita, nagsasari pa rin ang batas militar.

Tulad ng inaasahan, pinakilos na naman ni Marcos ang utu-uto niyang Komisyon sa Halalan (Comelec) upang ibigay ang lahat ng bentahe sa KBL.

Tulad ng "eleksyon para sa IBP" noong nakaraang taon, inaasahang papayagan na naman ng Comelec ang "block voting" upang lalong makaisang ang KBL at maging mas madali ang pandaraya.

Monopolyo ni Marcos sa pabatirang pangmadla

Dagdag pa, malawakan nang ginagamit ang pabatirang pangmadla o mass media na sa katunaya'y monopolisado ni Marcos at ng kanyang pangkat, para sa bentahe ng KBL. Pamaka-nakang pinagbibigyan din ang mga kandidatong di-KBL, subalit ito'y ginagawa lamang upang mabuo ang pagkukunwang "masigla" ang tumatakbong paligsahan.

Sawang-sawa na ang mamamayan sa ganitong mga panloloko. Punung-puno na sila.

Kaya naman masigasig na naglulunsad ng isang malakas na kilusang boykot ang napakaraming napukaw nang mamamayan upang lalong ilantad at biguin ang mapanlinlang na lokal na eleksyon ng diktadurang E.U.-Marcos.

Ang iba namang mga grupo at personahe, batay sa kani-kanilang pananav at sa mahigpit na pagtatangging malokong muli ng diktadura, ay nagpapakita na rin ng mga balak na magboykot o kaya'y di lumahok sa darating na "lokal na eleksyon".

Halimbawa, nanawagan ang Pambansang Konseho ng mga Simbahan sa Pilipinas (NCCP) sa mga kongregasyon nito na magboykot kapag hindi kagyat na inalis ang batas militar at hindi itinigil ang pang-aabuso ng militar.

Kumikiling din sa kahambing na posisyong ito ang progresibong bahagi ng sektor ng simbahang Katoliko, ayon sa mga ulat.

Talumpati ni Senador Diokno

Kamakailan, ipinahayag ng dating Senador Jose W. Diokno, ang kilalang makabayan na nagdadala ng posisyon ng Kaisahan para sa mga Kalayaang Sibil ng Pilipinas o CLUP, na hindi siya naniniwala sa mga eleksyon sa ilalim ng batas militar.

Naging ang mga pangunahing kasapi ng mga anti-Marcos na paksyon ng mga reaksyonaryo ay nagpasyang huwag sumali sa "eleksyon", bagamat malinaw na sumusuporta sila sa kanilang mga tauhang kumakandidato sa ilalim ng Pambansang Kaisahan para sa Pagpapalaya (NUL), Pusyon Bisaya at Alyansang Mindanao, o kaya mga "independiente".

Kaugnay nito, dapat lamang na punahin ang alangalin at makitid na posisyon ng liderato ng Lakas ng Bayan (Laban). Ang pangunahing dahilan ng kanilang di-pagsali sa "lokal na eleksyon" ay ang diskwalipikasyon ni dating Senador Benigno Aquino Jr. sa pagiging kandidato. Ipinapahiwatig nito, batay sa kanilang makitid na pananav at interes, na lubusan nilang kikilalanin ang "eleksyon" kung papayagan lang na makalahok si Aquino.

Ang mga "oposisyonistang" kumakandidato ay nahahati sa dalawang klase. Una, iyong mga sunud-sunuran kay Marcos at nadyang tumutulong sa kanya upang lokohin ang mamamayan at paunlarin ang kani-kanilang makasariling interes. Sila ang tinatawag na "mga tapat kay Marcos" (o "Marcos loyalista") na tumatakbo sa ilalim ng Partido Nacionalista (NP), at ang ilang "independientong" kandidato na hindi naisali sa tiket ng KBL.

Pangalawa, iyong mga tumutuligsa sa diktadura at kumakandidato upang itaguyod ang pagiging pulitiko nila, gayong halos imposible namang sila'y manalo.

Bagamat may magkaibang motibo, ang dalawang grupong ito, kung tutusin, ay kapwa nagtataguyod sa panloloko ng diktadura.

Imperyalismong E.U., utak ng "lokal na eleksyon"

Ang imperyalismong E.U. ang utak na pagtatanghal ng mapanlinlang na lokal na eleksyon. Bahagi ito ng pakanang "normalisasyon" na ipinipilit sa bayan.

Sa pamamagitan ng "normalisasyon", tinatangka ng imperyalismong E.U. at ng pinakamasamang papet nitong si Marcos na magkailusyon ang sambayanang Pilipino at ang pandaigdigang opinyon na ibinabalik na sa bayan ang mga "demokratikong proseso".

Ipinapalagay ng imperyalismong E.U. na ang pagpapanumbalik sa mga mapanlinlang na demokratikong proseso ay makakapigil sa patuloy na pagkabukod ng papet na diktadurang Marcos, at makakapagpakalma sa kumukulong poot at galit ng mamamayan sa diktadurang ito.

Isang mahalagang sangkap ng pakanang "normalisasyon" ang pagtatagusod ng reformismo at paniniwala sa mga "demokratikong proseso" upang maitago ang patuloy na programa ng diktadurang E.U.-Marcos na pamidhin ang militarisasyon at ang tahasang paggamit ng dahas-militar para sa pagsupil sa rebolusyonaryong kilusan at sa nag-aalsang masa.

Dagdag pa, sinisikap ng imperyalismong E.U. sa pakanang ito na pigilin ang lumulubhang mga tunggalian ng iba't ibang paksyon ng mga naghaharing uri upang mapatagal pa ang buhay ng naghaharing sistema. Kaugnay nito, nakikitang makahulugan ang pagbigay ng panandantalang kalayaan kay Aquino. Hindi malayong may nabubuo nang kasunduan sa pagitan niya at ng diktadura.

Sa bahagi naman ni Marcos, nagmamaniobra siya sa loob ng pakanang "normalisasyon" ng imperyalismong E.U. upang mapalakas pa ang kanyang puesto sa pagkadiktador. Siya pa rin ang higit na maasahan at masunuring tuta ng imperyalismong E.U. dito sa Pilipinas.

Maliwanag din na ginagamit ni Marcos ang "lokal na eleksyon" upang lalong patatagin ang kanyang kapangyarihan sa mga lokal na antas sa pamamagitan ng pinili niyang mga tuta sa KBL at ng mga tapat na "oposisyonista".

Gumagawa rin siya ng mga hakbang upang itayo ang dinastia ng kanyang angkan. Bukod sa kanyang asawang si Imelda Marcos na namumuno sa Metro Manila, sa kanyang bayaw na si Benjamin Romualdez na patuloy na naghahari sa Leyte, at sa kanyang kapatid na si Elizabeth Marcos Rocka na tiyak na namang "mahahalal" bilang gobernadora sa Ilocos Norte, tatakbo rin ang anak niyang si Ferdinand Jr. (Bongbong) para bise-gobernador sa Ilocos Norte, ayon sa mga huling balita.

Mabibigo ang "lokal na eleksyon"

Tiyak na mabibigo ang "lokal na eleksyon" ng diktadurang E.U.-Marcos sa pagtatangkang lokohin ang sambayanang Pilipino at ang pandaigdigang opinyon. Magdudulot lamang it- ng lalo pang pagkakabukod ng diktadura.

Tulad ng sa nakaraan, minsan pang inilalantad sa sambayanang Pilipino ng pinakahuling panlolokong ito ang kabulukan at pagkamapang-api ng diktadura at, higit pa, ang kavalang-saysay ng mga "eleksyon" sa ilalim ng ganitong rehimen.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nanawagan sa sambayanan na magkaisa at maglunsad ng mga kilusan at kampanyang masa para iboykot at biguin ang pinakahuling panlolokong elektoral na pinapakana ng diktadurang E.U.-Marcos.

Lahat ng mga progresibong uri, partay, sektor, organisasyon, grupo at indibidwal ay epektibong makamasali sa mga kilusan at kampanyang masa upang palaganapin ang posisyong boykot, at upang ilantad at labanan ang mapanlinlang na lokal na eleksyon.

Ang mga pambansang demokratikong rebolusyonaryo, Pulang mandirigma at aktibistang masa ay dapat aktibong lumahok sa kilusang boykot, habang pinalalawak at pinatatatag nila ang hanay ng mga rebolusyonaryo at itinatayo ang pinakamalawak na nagkakaisang prente para sa mas malaking tungkulin sa pagbabagsak sa diktadurang E.U.-Marcos.

* * *

MAKA-LAVA, TUMUTULONG SA AMONG SOBYET UPANG MAKASINGIT DITO SA PILIPINAS

Sa ilalim ng batas militar, naging mas masigasig ang kampanya ng mga lokal na rebisyonistang maka-Lava para sa reporsimso at kontra-rebolusyon, para sa pakinabang ng naghaharing pasistang pangkating Marcos, imperyalismong E.U., at, mangyari pa, ng sosyal-imperyalismong Sobyet.

Tunay na nawivili ang mga maka-Lava sa kanilang papel na mga "kaliweteng" may sariling lugar sa loob ng bulok na sistemang pampulitika. Sa kanilang mga opisinang de-erkon sa iba-ibang ahensya ng reakeyonaryong gobyerno, maginhawa silang naglalabas ng mga manipesto at pahayag sa mga burges na diaryo, na pawang nagsumamakaawa ng mga konsesyon mula sa rehimeng E.U.-Marcos.

Bukod sa mga benepisyong ipinagkakaloob sa kanila ng rehimen, may tinatanggap ding sustento ang mga lokal na rebisyonista mula sa kanilang mga among sosyal-imperyalistang Sobyet.

Bago 1971, pinapadalhan sila ng $10,000 mula sa rebisyonistang Partido Komunista ng Unyong Sobyet, tuwing makakaugnay sila sa Mosku o sa mga neo-kolonya ng Sobyet sa Silangang Europa.

Kung sinsan din, inihahatid ang pondo sa kanila sa pamamagitan ng mga turista o "delegasyong pangkulturang" dumadalaw sa Pilipinas.

Pagkatapos ng 1971--landa ng mas seryosong pagtatangkang manggulo ng mga sosyal-imperyalista--nilakihan ang bayad sa mga serbisyo ng mga maka-Lava. Ginawa nang $40,000 ito, o may ₱320,000 sa kasalukuyang palitan ng piso at dolyar.

Isang beses, noong 1972, binigyan ng karagdagang $10,000 ang lokal na Young Communist League o YCL, ang kanilang organisasyong panlinlang sa kabataan. Galing ang pondo sa Pandaigdigang Pederasyon ng Demokratikong Kabataan (World Federation of Democratic Youth), isang samahang pinagpeprente ng mga Sobyet.

Ang nakasabot sa YCL o sa bayag na organisasyon nito, ang Malayang Pagkakaisa ng Kabataang Pilipino (MPKP), ay 5 porsiento lamang ng kabuuang halaga. "Sinentralisa" raw ito ng "Kawanihang Pampulitika" ng pangkating Kung ginamit na naman ba ang kwarta para sa personal na pagpapasasa ng mga pasimuno ng pangkatin ay hindi na nalaman pa ng mga miembro ng YCL/MPKP.

Mga tao ng Mosku sa Pilipinas

Pero hindi lamang sa pamamagitan ng lokal na mga rebisyonista kumikilos ang mga sosyal-imperyalistang Sobyet. Katunayan, kung kani-kaniyang kumot nakikiaukob ang mga rebisyonista, lokal at internasyonal.

Mayroon Samahan para sa Pagkakaibigang R.P. at Unyon ng mga Sosyalistang Republikang Sobyet, o RP-USSR Friendship Society. Tungkulin nito ang magharap ng pinagandang larawan ng Unyong Sobyet sa publikong Pilipino, at maglangis sa mag-asawang Marcos para paluwatin ang mga pakanang sosyal-imperyalista sa Pilipinas.

Si Imelda Marcos, na kamakailan'y sinabitan ng eskintab na medalya ang mga Sobyet, ang "tagapangulong pandangal" ng naturang samahan. Ang tagapangulo ay si Blas Ople, ministro sa paggawa ng rehimen, isang oportunistang matagal nang ginagawang karera ang pagpepanggong ng mga panamalitang "radikal".

Isa pang kasapakat ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet si Roque Ablan Jr. Dati'y pinuno siya ng isang kilabot na "pribadong hukbo" sa Ilocos Norte na protektado at ginagamit ni Marcos, at ngayo'y pinuno ng malaking sindikato sa isnagling.

Si Ablan ay presidente ng isang kompanyang ang-sahonte para sa benta rito ng mga eroplanong yari sa Unyong Sobyet. May ilang buwan na ang nakaraan, may inilalakong eroplano ang kanyang kompanya sa reaksyonaryong Hukbong Himpapawid ng Pilipinas, na anila'y bagay na bagay gamitin sa mga operasyon sa kanayunan--ibig sabihi'y laban sa armadong pwersa ng rebolusyonaryong mamamayan.

Matutukoy din ang mapagkaibigang relasyon ng mga rebisyonista sa isang babaing mangangata na tanyag sa kanyang malapit na ugnayan sa mataas na opisyal ng reaksyonaryong militar. Ang mangangatang ito ang hinirang na "tagapayo" ng isang delegasyong ipinadala sa Cuba noong 1978, para dumalo sa isang pagtitipon ng mga kabataan at estudyante mula sa iba't ibang bayan, sa pagtataguyod ng rebisyonismong internasyonal.

Mga Ahenteng Sobyet

Samantala'y abalang-abala rin ang mga ahenteng Sobyet, lantad at hayag, sa paniniktik at panggugulo para sa Mosku.

Noong nakaraang taon, nabulgar ang isa sa marami ahente ng KGB na nakatalaga sa embahadang Sobyet sa Maynila. Ang KGB ay ang ahensya ng paniniktik ng Unyong Sobyet na katapat ng CIA ng imperyalismong E.U.

Naibulgar din ang kahina-hinalang ugnayan ng ahenteng iyon at ng kapitan ng isang barkong dumadaung sa Maynila. Nakukuha sa pangyayaring ito na ang mga barkong pangkomersyo ng mga Sobyet--na ilang taon nang nagpaparoo't parito--ay may ibang pakay sa Pilipinas bukod sa simpleng paghahakot at paghahatid ng kargamento.

Sang-ayon na kasunduan ng rehimeng E.U.-Marcos at Unyong Sobyet, na pinirmahan noong 1976, nagbukas ng embahada ang bawat isa, sa Maynila at sa Mosku. Mula noo'y marami Pilipino na ang nainis sa kabastusan at kahambugan ng mga kinatawang diplomatikong idinestino sa embahada rito ng Unyong Sobyet.

Interesado ang sosyal-imperyalismong Sobyet na makasingit sa saklaw ng impluwensya ng kanyang karibal na superpower dito sa buong rehiyong Timog-silangang Asya. Sinusulsulan ng mga Sobyet ang mga rehimeng naimpluwensyahan na nito na gayahin ang kanilang sariling ehemoniesso. Pinagsalab nila ang di-pagkakaintindihan ng magkakapatid na bansa. Tuloy, hindi mamamasso ng mga ito ang mahihirap na gawaing dapat harapin pagkaraan ng mahabang pakikibaka para sa pambansang paglaya. Sa gayon, nalalagay sila sa kondisyong mas madali silang diktahan ng mga sosyal-imperyalista.

Unyong Sobyet at Pilipinas

Dito naman sa Pilipinas, gustong maksparte ang sosyal-imperyalismong Sobyet sa ating likas na yaman--nitong nakaraang mga taon, sinasamantala nga nito ang mahinang benta at mababang presyo ng asukal at kopra sa pamilihang pandaigdig para mamakyaw sa Pilipinas.

Gayundin, ibig samantalahin ng mga sosyal-imperyalista ang murang lakas-paggawa ng mga Pilipinong mmakpawis, na makapagsusuplay ng murang mga produkto para sa mga mamimiling Sobyet, at mga produktong di-ganap na yari (<u>semi-manufactured</u>) para sa kanilang mga industria.

Inaasam pa ng mga sosyal-imperyalista ang pagbebenta sa Pilipinas ng kanilang mga produkto, laluna ang malalaking planta para sa mabibigat na industria, na pinapamahal nila ang presyo.

Ang resulta ng lahat nito ay ang pagkakabon sa utang, dagdag na imperyalistang pagsasamantala at ibayong paghihirap ng sambayanan. Ito ang naging mapait na karanasan ng ibang bayang "tinulungan" ng sosyal-imperyalismong Sobyet.

Dagdag sa pang-ekonomiang dahilan ang pag-igting ng hidwaan ng dalawang superpower, sa pulitika at sa militar.

Sa bawat dako, sila ay nag-aagawan ng mga saklaw ng impluwensya para daigin ng isa ang isa sa pagsasamantala't pang-api sa mga mamamayan ng mundo. Sa pamamagitan ng subersyon at lantarang dahas laban sa mamamayan, ipinipilit nila ang kanilang gusto.

Para matupad ang kanilang masamang layunin, ipinipriesinta ng mga sosyal-imperyalista ang kanilang sarili na "natural na alyado" ng mga bayan at mamamayan ng Ikatlong Daigdig.

Ang totoo, kontra-rebolusyon ang kanilang ibinubunsod. Umasyon sa mga saligang idea ng makabagong rebisyonismo sa daigdig ang mga taksil na pag-kilos ng pangkating maka-Lava: mula sa pagsuko sa mga uring kaaway ng sambayanang Pilipino, hanggang sa paglalako ng mga huwad na reporma, at tahasang paghadlang sa sumusulong na rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

(Kaugnay nitong huli, itinatala natin na sa mga brodkas ng Radyo Mosku ay "terorista" ang turing sa mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, at kinakampihan si Marcos sa kanyang panlilipol sa mamamayang Moro.)

Anupa't walang essensyal na pagkakaiba ang mga hangarin, pamamaraan at resulta ng dominasyon ng mga superpower. Sa Pilipinas, pinapayagan ng imperyalismong E.U. ang papet nitong rehimang Marcos na makipag-ugnayan sa Unyong Sobyet, hanggat hindi makaistorbo iyon sa kanyang sariling paghahari. Magkatulong sila, kung tutusin, sa tangkang pagsupil sa mamamayan, sa rebolusyon at sa komunismo.

- - - - - -

Dito pansamantalang tinatapos ng Ang Bayan ang serye ng mga artikulong naglalantad sa pinakahuling mga kilos ng taksil na rebisyonistang pangkating maka-Lava.

Sa loob ng taong ito, lumabas ang mga sumusunod: "Sususungaw na Naman sa Lungga ang mga Mananabotahang Maka-Lava", Pebrero 15, 1979; "Pagsuko sa Kaaway, Nakasaad sa Dokumento ng mga Maka-Lava", Pebrero 28; "Anti-Mamamayan ang Posisyon sa mga Base ng mga Maka-Lava, Iba pang Reaksyonaryo", Marso 15; "Bahagi, Pinalitaw na Kabuuan (Madyikero Talaga Itong si Merlin), Abril 15; "Manggagawa, Gustong Ipagamit ng mga Maka-Lava sa Kaaway", Abril 30; "Huwad na Reporma sa Lupa, Itinataguyod ng mga Maka-Lava", Mayo 31; "Pinapatay ng Pangkating Maka-Lava ang Sarilling mga Kadreng Tumututol", Oktubre 15; at "Magpapatawa Yata ang mga Maka-Lava: Isang Pambansang Burges Daw si Marcos!", Nobyembre 30.

Bukod sa mga ito'y inilabas din ng Ang Bayan ang mga artikulong "Mahihirap na Bayan ng Ikatlong Daigdig, Ibig Siluin ng Sosyal-Imperyalismo" (Hunyo 15, 1979), at "Sosyal-Imperyalismo, Nagsasamantala sa Sarilling 'Alyado' sa Silangang Europa" (Hunyo 30, 1979) na tumatalakay sa pandaigdigang layunin ng isa pang superpower na ito.

Ang imperyalismong Estados Unidos ang iisang pinakamalakas at pinaka-mapagpasyang pwersa sa hanay ng mga kaaway ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyan. Ito ang nagtataguyod sa mga lokal na reaksyonaryong uri, at ito ang ano ng naghaharing pasistang pangkating Marcos. Nakikipagsab-watan at nakikitunggali sa imperyalismong E.U. ang iba pang imperyalistang kapangyarihan, una na ang imperyalismong Hapones, para sa bahagi ng dina-rambong niyon sa Pilipinas. Ngunit walang sinuman sa mga ito ang kasalin-kuyang nasa posisyon para hamunin nang husto ang paghahari ng Estados Unidos sa bayan.

Malaking panganib

Kahit relatibong nahuling pumasok sang sosyal-imperyalismong Sobyet sa paligsahan ng mga imperyalismo para sakinabang sa Pilipinas at sa mamamayang Pilipino, malaki ang panganib na idinudulot nito.

Malaki ang panganib dahil, sa pandaigdigang saklaw, higit itong agresibo at matakaw. Dagdag pa'y may maling akala ang ilang Pilipino na makatutulong ang Unyong Sobyet sa sambayanang Pilipino sa pagwawagi ng pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya.

Sa hanay ng mga rebolusyonaryo, dapat tayong magsumigasig sa konkretong pag-aral at pagbaka sa rebisyonismo, kapwa sa teoretikal at praktikal na aspeto, lalo't mas malaki ang mga tungkulin at responsabilidad na kinakharap natin ngayon sa pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Sa isang pakahulugan, mapalad tayo at naririyan ang matingkad na negatibong halimbawa ng pangkating maka-Lava. Dahil sa kanila'y buhay na buhay nating nakikita ang malulubhang kasamang magagawa ng makabagong rebisyonismo sa mamamayan, sa Partido at sa rebolusyon.

Malamang, anang Komite Sentral ng Partido noong 1971, na hindi na magtatagal ang buhay ng taksil na rebisyonistang pangkatin. Nagiging totoo ang prediksyong ito; katunaya'y halos wala nang sumesaryoso sa kanila ngayon kundi sila mismo, ang rehimeng E.U.-Marcos, at ang sosyal-imperyalismong Sobyet.

"Gayunma'y mananatili ang panganib ng makabagong rebisyonismo," paalala ng Komite Sentral. "Sa hinaharap, magkakaroon ng mga rebisyonistang taksil na mas pino at mas makinis."

Tagubilin ng Partido sa lahat ng Marxista-Leninistang Pilipino: "Sa pamamagitan ng walang-lubay na pagbaka sa makabagong rebisyonismo, pinatatalas natin ang ating sandatang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon laban sa imperyalismong E.U., feudalismo at burukratang kapitalismo."

* * *

SINALAKAY NG MGA BAGONG TSAR NA SOBYET ANG AFGHANISTAN

Noong Disyembre 25, nagpadala ang mga rebisyonistang lider ng Unyong Sobyet ng libu-libong tropa para salakayin ang katabing-bayan nitong Afghanistan. Pagkaraan ng dalawang araw, tuwirang pinangsaiwasan ng mga manamalakay na Sobyet ang isang madugong kudeta at agad na itinalaga ang bagong papet na pinuno ng estado.

Dahil sa pinakakriminal na agresyong ito, lubusan nang nabulgar ang pagkukunwa ng mga rebisyonistang lider ng Unyong Sobyet na sila "sosyalista" at "mapagmahal sa kapayapaan", at ganap nang nalantad sa buong daigdig ang mapandigma at chesonistang katangian ng sosyal-imperyalismong Sobyet.

Subalit hindi nasindak ang mga mamamayang Afghan sa lantarang panamalakay na ito ng sosyal-imperyalismong Sobyet. Bagkus, lalo pa nilang pinahigpit ang kanilang pagkakaisa, at itinutuon nila ngayon ang kanilang armadong pakikibaka sa mga sosyal-imperyalistang manamalakay at sa bagong papet na diktadura.

Ang rebolyon ng mga mamamayan ng Afghanistan laban sa nakaraang mga papet na rehimen ay may katangian na ngayon ng isang armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan laban sa mga mananalakay na Sobyet at mga lokal na papet nila.

Kanglay nito, maraming sundalong Afghan ang umalis sa reaksyonaryong hukbo upang lumaban, kasagupay ang mga mamamayan, sa mga manamalakay na Sobyet at sa bagong papet na rehimen.

Noong una, kinakatigan ng sosyal-imperyalismong Sobyet ang pasistang rehimen ni Hafizullah Amin, ang ibinagsak na presidente. Ngunit ang patuloy na paglakas ng armadong pakikibaka ng mamamayang Afghan, na hindi mapigil-pigil ng diktadurang Amin at ng mga nauna rito, ay nakita ng sosyal-imperyalismong Sobyet na panganib sa katayuan nito sa bahaging iyon ng daigdig.

Paghahanda sa pagsalakay

Nobyembre pa lamang ay naghahanda na ang sosyal-imperyalismong Sobyet sa pagsalakay sa Afghanistan. Nagtalaga ito ng maraming dibisyon ng panlabang tropa sa hangganang Afghan-Sobyet.

Simula noong Disyembre 25, libu-libong tropa ng Unyong Sobyet ang inilapag ng mga pandigmang eroplano sa Kabul, kabisera ng Afghanistan. Ito'y pandagdag lamang sa ilang libong "tagapayong" militar at panlabang tropang Sobyet na dati nang nakatalaga sa iba't ibang lugar sa Afghanistan.

At noong Disyembre 27, ibinagsak ang diktadurang Amin. Pagkaraang patayin ang presidente at ang pamilya niya, agad na ipinalit ang isa ring pasistang papet, si Babrak Karmal, na embahador ng Afghanistan sa Tsekoslobakia sa panahong iyon.

Ipinapalala ng nakagagalit na pagsalakay na ito sa Afghanistan ang kahambing na madudugong pagsalakay ng sosyal-imperyalismong Sobyet sa Hungary noong 1956 at sa Tsekoslobakia noong 1968.

Pag-unlit lamang ng mga kasinungalingan sa nakaraang mga krimen ang pahayag ng sosyal-imperyalismong Sobyet na ang paglusob ng mga armadong tropa nito sa Afghanistan ay sagot sa "paanyaya ng mga awtoridad na Afghan na ipagtanggol sila laban sa panganib ng ikatlong bayan". Idinagdag pa na ang pagsalakay ay "umayon sa kasunduang Afghan-Sobyet para sa kapayapaan at pagkakaibigan".

Bago nito'y matagal nang nakikialam ang mga sosyal-imperyalistang Sobyet sa mga usaping panloob ng Afghanistan.

Noong 1973, nakialam ito upang tulungan ang papet na si Mohammad Daoud na alisin sa kapangyarihan ang huling monarkong Afghan, si Haring Mohammad Zahir Shah. Itinanghal na pinuno ng estado si Daoud, at, sa loob lamang ng isang buwan, mahigit na 30 kasunduan para sa "tulong" ng Unyong Sobyet ang kanyang pinirmahan.

Ibinagsak din si Daoud

Dahil di nasupil ng rehimeng Daoud ang umiigting na armadong paglaban ng mamamayang Afghan, naglunsad ng isang madugong kudeta ang sosyal-imperyalismong Sobyet noong Abril 1978. Iniluklok nila sa kapangyarihan ang isa pang pasistang papet, si Noor Mohammad Taraki, na mas marahas kay Daoud. Pagkatapos nito'y tambak-tambak na tulong mula sa Unyong Sobyet ang dumagsa sa Afghanistan upang supilin ang armadong pakikibaka ng mamamayan.

Kung mabilis na pinatalsik ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet si Taraki, higit na mabilis ang pagkakatanggal kay Amin dahil hindi pa rin mapigil ng kanyang pinakamararahas na hakbang ang armadong paglaban ng mamamayang Afghan.

Dahil di nakontento na simpleng pagpapatalsik na mga papet, tuwiran nang nanghimasok ang mga sosyal-imperyalistang Sobyet at naglunsad na ang mga ito ng kriminal na pagsalakay at pag-okupa na Afghanistan.

Ang Afghanistan ay isang bayan na Gitnang Asya. May 20 milyon ang populasyon nito, na ang karamihan ay mga Muslim. Kalapit-bayan nito ang Unyong Sobyet, Iran, Pakistan at Republikang Bayan ng Taina. Kabilang na ikatlong-daigdig, matagal na ring biktima ang Afghanistan ng pang-aapi ng dalawang superpower laluna ang makapangyarihang kalapit-bayan nito, ang Unyong Sobyet.

Noon pa mang ika-17 siglo, panahon ng imperyong Ruso, pangarap ng mga tsar (emperador) na idugtong ang Afghanistan na Rusya. Nais nila itong maging paunang tuntungan na napilitang pagpasok na mga bahagi ng Iran at Pakistan patungong Arabian Sea upang makakuha ng kailangang-kailangang daungan na hindi nababarahan ng yelo kahit na taglamig.

Subalit lubusang itinigil ang ekspansyonistang pakanang ito nang magtagumpay ang Rebolusyong Sosyalista ng Oktubre noong 1917. Na ilalim ng sosyalistang estado na pamumuno ni Lenin, pinanatili ang isang napakaibigan at wastong relasyon na kalapit-bayang Afghanistan.

Nabago ang lahat ng ito nang lumuklok na kapangyarihan ang mga makabagong rebisyonista ng Unyong Sobyet. Muling binuhay ng mga bagong tsar ng Unyong Sobyet, laluna ni Brezhnev at ng kanyang gang, ang pangarap ng mga dating tsar. Nagpakana silang dominahin ang Afghanistan at gamitin itong tuntungan na higit pang pagpapalawak patimog.

Biktima ng bangayan na mga superpower

Na paglakas ng dalawang superpower--imperyalismong E.U. at sosyal-imperyalismong Sobyet--nabilis na naging biktima ng mahigpit nilang pag-angawan para na langis at saklaw ng impluwensya ang Afghanistan, Iran, paligid ng Persian Gulf at ang buong Gitnang Silangan.

Ang pagsalakay ng sosyal-imperyalismong Sobyet na Afghanistan ay tiyak na bahagi ng isang napakasama at matagalang pakana para kontrolin ang Pakistan, Iran, Arabian Sea at Persian Gulf.

Kapag nakontrol ng sosyal-imperyalistang Sobyet ang naturang mga lugar, mababarahan nito ang bukana ng Persian Gulf at, kung gayon, maputol ang pinakamahalagang rutang daanan ng langis para na Estados Unidos, Kanlurang Europa at Hapon.

Ang estratehikong kahalagahan ng Afghanistan na humihigpit na tunggalian ng E.U. at Unyong Sobyet ay malinaw na makikita na mabilis at mapanghamong sagot ng presidente ng E.U., si Carter, na pagsalakay na Afghanistan.

Hindi na nagpatumpik-tumpik pa si Carter nang hingin niya kay Brezhnev na alisin ang mga tropang Sobyet na Afghanistan at iutos ang pagdoble ng ipinadadalang mga armas ng E.U. na Pakistan. Hiningi rin niya ang suporta ng lahat ng alyado ng E.U. upang maglunsad ng sama-samang pakikiisa laban na anupang ekspansyonistang pagtatangka ng Unyong Sobyet.

Ang pagsalakay ng sosyal-imperyalismong Sobyet na Afghanistan ay tahasang resulta ng humihigpit na pakikaribalan ng dalawang superpower para na pandaigdigang hegemonia.

Matagal nang nagsasabog ng lagim ang dalawang superpower laban sa mga mamamayan ng buong daigdig. Nariyan ang kanilang paligsahan sa armas nuklear, paggamit ng sandatang nuklear upang mamblakmeyl at paghahandang mandigma.

Kahit anupang paglulubid ng kasinungalingan ang gawin ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet upang bigyang-katwiran ang kasumpa-sumpang krimang ito, patuloy na iluluwad ng mamamayang Afghan, na may ganap na suporta ng mga rebolusyonaryo sa buong daigdig, ang kanilang magiting na pakikibaka hanggang sa makamit nila ang lubusang pambansang kalayaan.

* * *